MASTER PLAN *for* Developmental Services

CalHHS California Health & Human Services Agency

# Bisyon para sa Tagumpay

**Ang aming bisyon para sa tagumpay ay nakasentro sa:**

- Ekidad.
- Ang karanasan at kadalubhasaan ng mga indibidwal na may mga kapansanang intelektwal at sa pag-unlad ("mga indibidwal") at ng kanilang mga pamilya.
- Ang pangako Lanterman Act sa pagiging karapat-dapat sa mga serbisyo.

Nalalapat ang aming bisyon sa lahat ng sistemang nagbibigay ng mga serbisyo sa mga indibidwal at kanilang mga pamilya. Ang aming tagumpay ay susukatin ng kung gaano kahusay maipapatupad ng lahat ng sistema ng serbisyo ang mga matatapang na pahayag na ito ng bisyon.

1. **Ang mga indibidwal at pamilya ay nakakaranas ng pinagkakatiwalaan nilang mga sistema ng serbisyong nakasentro sa tao. Ang kanilang mga pangunahing pangangailangan ay natutugunan upang makapamuhay sila sa komunidad na pipiliin nila.**

   Upang makamit ito:

   - Iginagalang ng mga sistema ang mga indibidwal at kanilang mga pamilya. Ipinagpapalagay nila ang kakayahan ng mga taong pinaglilingkuran nila at ang kanilang kakayahang idirekta ang sarili nilang mga buhay.
   - Ang mga indibidwal ay namumuhay na sila mismo ang nagpasya, ay kabilang sa komunidad, at may pantay na access sa mga serbisyo.
   - Ang mga serbisyo ay may kinalaman sa mga kinalabasan na gustong makamit ng indibidwal.
   - Ang lahat ng serbisyo ay tumutugon sa kultura.
   - Ang impormasyon at mga serbisyo ay ipinagkakaloob sa mas gustong wika ng indibidwal at kanyang pamilya. Makukuha rin ang mga ito sa mga pamamaraang tumutugon sa kanilang mga pangangailangan kabilang ang payak na wika at mga alternatibong format.
   - Sinusuportahan ng mga serbisyo ang access sa
     - Mga relasyon sa pamilya, kaibigan, at komunidad
     - Abot-kaya at naa-access na pabahay
     - Pangangalaga sa kalusugan at kalusugan ng pag-uugali
     - Transportasyon
     - Seguridad ng pagkain
     - Personal na kaligtasan at pagresponde sa emerhensya
     - Edukasyon
     - Trabaho
     - Libangan

2. **Ang mga indibidwal ay tumatanggap ng mga nasa oras, ingklusibo, at maayos na serbisyo sa kabuuan ng kanilang buhay sa kabuuan ng mga sistema ng serbisyo.**

Upang makamit ito:

- Ang mga serbisyong pinili ng indibidwal at ng kanilang pamilya ay ipinagkakaloob kapag kailangan nila ang mga ito.
- Tinutugunan ng mga serbisyo ang buong indibidwal sa kabuuan ng kanilang buhay.
- Ang mga serbisyo ay pinag-uugnay sa buong sistema.
- Ang mga serbisyo ay ibinibigay sa buong estado saan man nakatira ang indibidwal, o kung sinuman ang nagbibigay o nagbabayad para sa serbisyo.
- Ang mga isyu sa sistema ay naresolba sa pamamagitan ng koordinasyon sa antas ng sistema. Ang pasanin ng paggalugad sa mga sistema ay wala sa indibdiwal o kanyang pamilya.
- Malinaw ang mga sistema sa lahat at madaling sundin. Ang mga indibidwal ay may mga suporta upang ma-access ang mga serbisyo.
- Binabawasan ng mga sistema ang burukrasya at pinasisimple ang mga proseso.
- Gumagamit ang mga sistema ng teknolohiya at inobasyon upang mapabuti ang impormasyon, kalinawan, at paghahatid ng serbisyo.

3. **Ang mga indibidwal at kanilang mga pamilya ay tumatanggap ng mga serbisyo mula sa mataas na kalidad, matatag, at nakasentro sa tao na manggagawa.**

Upang makamit ito:

- Sinusuportahan ng mga sistema ang isang mahusay na sinanay na workforce na tumatanggap ng maayos na sahod na may mas mababang turn-over.
- Bigyang-kapangyarihan ang mga service coordinator upang matulungan ang mga indibidwal at pamilya na ma-access ang mga serbisyong nakasentro sa tao.
- Ang mga manggagawa ay may kaalaman at mga kasanayan upang ipatupad ang pamamaraang nakasentro sa tao upang magkaloob n g mga serbisyo at suportahan ang mga indibidwal na may iba't ibang pangangailangan.
- Ang mga manggagawa ay mas may dibersidad at kumakatawan sa mga komunidad na pinaglilingkuran nito.
- Mayroong mga career pathway para sa mga indibidwal na may tunay na karanasan upang magtrabaho sa sistema at suportahan ang kanilang mga kasabayan.

4. **Ang mga indibidwal at kanilang mga pamilya ay nakakaranas ng pare-pareho, transparent, may pananagutan at mga sistemang batay sa data na nakatuon sa mga resulta**

Upang makamit ito:

- Ang mga sistema ay nagkakaloob ng hindi nagbabago at pantay na interpretasyon ng Lanterman Act.
- Mayroong epektibong pangangasiwa sa mga regional center at iba pang mga serbisyo ng kagawaran ng estado,
- May mga depinisyon ng karaniwang serbisyo at mga inaasahan para sa paghahatid ng serbisyo na flexible, maa-access, at madaling maunawaan.
- Iginagalang ng mga sistema ang pagkapribado, kumpidensyalidad, at mga karapatan ng indibidwal.
- Ang mga sistema ay nagkakaloob sa mga indibidwal at kanilang mga pamilya ng madaling pag-access sa kanilang impormasyon.
- Ang mga sistema ay gumagamit at nagbabahagi ng datos at teknolohiya upang masukat ang mga kalalabasan at pagganap, pinagbubuti ang pagsasanay at gumagawa ng tools na madaling gamitin ng mga indibidwal, pamilya, at manggagawa.
- Pagganap na ginagantimpalaan ng mga sistema na ginagabayan ng mga hakbang na madaling malaman at maunawaan.

5. **Ang mga indibidwal ay tumatanggap ng de-kalidad, panghabang-buhay, nakasentro sa tao na mga serbisyo mula sa mga sistemang may mga sapat na mapagkukunan**

Upang makamit ito:

- Dagdagan ang pag-access sa mga mapagkukunan sa komunidad
- Dagdagan ang pag-access sa pederal na Mga Serbisyong Nakabase sa Tahanan at Komunidad (HCBS) na mga waiver na serbisyo at bawasan ang mga hadlang at burukrasya sa pag-apply para sa at pag-access sa mga programang ipinagkakaloob sa pamamagitan ng waiver.
- Ang mga waiver sa Pederal na HCBS at mga serbisyo ng Medi-Cal ay isinamoderno at pinag-isa sa mga sistema.
- Ang waiver sa HCBS at mga uri ng serbisyo ng Medi-Cal ay pinalawak at isinama ang mga makabagong serbisyo upang mapabuti ang kalidad ng buhay at mga kalalabasan.